# Gabay sa konseho ng siyudad






Oyoyon

**Konseho ng siyudad ng Kawasaki**

# Konseho at pangangasiwa ng siyudad


Ang lokal na pamahalaan ay binubuo ng konseho (legislative branch) na gumagawa ng desisyon sa mga intensiyon at patakaran ng lokal na pamahalaan, at ang pinuno ng organisasyon (executive branch) na aktuwal na nagpapatupad sa mga patakaran base sa mga desisyon ng konseho, at kapwa gumagana sa independente at pantay na katayuan. Layunin nito ang makamit ang mas mabuting pamamahala ng lokal na pamahalaan habang pinapanatili ang pagkakaisa at balanse sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtutulungan sa bawat isa.



Halimbawa . . .

## Hanggang sa mailakip ang kahilingan ng mga mamamayan sa plano ng pagtatayo ng sports center

Tungkol sa plano ng pagpapatayo ng sports center na inihayag ng siyudad





**Kahilingan ng mga mamamayan**

Nais namin ang malawak na paradahan ng sasakyan!



Ihatid ang kahilingan para sa pagpapabuti ng paradahan ng sasakyan sa konseho ng siyudad (isumite ang isang petisyon / apela)




Diskusyon sa konseho ng siyudad /inspeksiyon (pagsusuri sa mga petisyon / apela)




Pagtanggap sa mga petisyon / apela



Magpapatuloy ang siyudad sa mga gawain base sa mga desiyong ginawa ng konseho ng siyudad




**Nakumpleto na ang sports center na may malawak na na paradahan ng sasakyan!**



# Komposisyon ng konseho ng siyudad

## Konsehal

Ang konseho ng siyudad ay binubuo ng mga miyembro na direktang inihalal ng mga mamamayan. Ang mga mamamayang Hapon na nasa 18 taong-gulang o higit pa, na nanirahan sa siyudad ng 3 buwan o higit pa ay karapat-dapat na bumoto para sa mga miyembro ng konseho ng siyudad (karapatang bumoto), at ang mga nasa 25 taong-gulang o higit pa na may karapatang bumoto ay karapat-dapat na tumakbo para maging miyembro ng konseho ng siyudad (karapatang mahalal). Ang bilang ng mga miyembro ng konseho ng siyudad ng Kawasaki ay 60 katao, at ang termino ng panunungkulan ay apat na taon. Ang konsehal ay inihahalal sa bawat adminstrative district o ward, at ang bilang ng mga kinatawan sa bawat distrito ay tinutukoy ayon sa proporsiyon sa populasyon ng distrito.




## Tagapangulo / Pangalawang tagapangulo ng konseho

Ang konseho ng siyudad ay may tagapangulo at pangalawang tagapangulo na hinalal mula sa mga miyembro nito. Ang tagapangulo ay isang kinatawan ng konseho ng siyudad, at bukod sa pagsiguro sa maayos na operasyon ng konseho ng siyudad, isinasagawa din ng tagapangulo ang pagpapanatili sa kaayusan ng kamara at pinangangasiwaan at pinuproseso ang mga gawain ng konseho ng siyudad. Isinasagawa ng pangalawang tagapangulo ang mga tungkulin nito bilang kapalit ng tagapangulo kung sakaling magkaroon ng problema at iba pa, kung saan hindi magawa ng tagapangulo ang mga tungkulin.

## Pangkat

Sa konseho ng siyudad, ang mga miyembro na may parehong prinsipyo at paninindigan ay nagtitipon at bumubuo ng mga pangkat at base dito ay isinasagawa ang mga gawain.

# Ang operasyon at daloy ng konseho ng siyudad

Ang konseho ng siyudad ay may regular na pagpupulong na isinasagawa nang apat na beses sa isang taon (karaniwan ay sa Pebrero, Hunyo, Septiyembre, at Disyembre) at espesyal na pagpupulong na isinasagawa kapag kinakailangan. Ang regular at espesyal na pagpupulong ay isinasagawa ng alkalde ng siyudad. Kailangang tumawag ng espesyal na pagpupulong ang alkalde kapag may kahilingan mula sa tagapangulo pagkatapos ng resolusyon ng management committee ng konseho, o kapag may kahilingan mula sa 1/4 o higit pang miyembro ng konseho. Para sa regular at espesyal na pagpupulong, itinatakda ang session period (takdang panahon) sa umpisa, at bilang patakaran, isinasagawa ang plenary session at committee meeting sa panahong ito upang pag-usapan at suriin ang mga mungkahi o panukala. Bilang patakaran, ang konseho ng siyudad ang nasa operasyon habang nasa session, subalit kapag susundin ang isang pamamaraan, maaaring tumawag ang konseho ng committee meeting at ipagpatuloy ang pagsusuri sa mga kasong hindi makumpleto sa panahong ito, kahit na wala sa session ang konseho. Sa konseho ng siyudad ng Kawasaki, ang bawat committee ay aktibo kahit sarado ang konseho.

## Daloy ng mga gawaing konseho

### Plenary session

Ang plenary session ay isang pagpupulong na binubuo ng lahat ng mga miyembro, at ang panghuling desisyon ukol sa mga mungkahi o panukala at pagpapahayag ng intensiyon o layunin mula sa konseho ng siyudad ay ginagawa sa plenary session. Bilang patakaran, ang mga resolusyon ay nangangailangan ng pag-apruba ng karamihan sa mga miyembrong dumadalo.

**Pagbubukas**

**Iminungkahing panukala**
Ang panukala ay ilalagay sa agenda ng plenary session.

**Pagpapaliwanag sa mga panukala**
Ipapaliwanag ng nagmumungkahi ang nilalaman ng panukala at ang mga dahilan para sa panukala.

**Tanong ng kinatawan**
Magtatanong sa ngalan ng bawat pangkat.

**Referral ng committee**
Isinasagawa ang pagdelegado ng mga panukala, petisyon / apela sa namamahala ng committe.

### Committee (paliwanag, katanungan, pagboto)

Napakahirap talakayin ang malawak at komplikadong panukala sa plenary session lamang. Kung kaya, ang sumusunod na limang standing committees ay itinakda na may kaunting dami ng miyembro, upang sa dalubhasang pananaw ay gawin ang detalyadong pagsusuri. Bukod sa pagrepaso sa mga panukala ay sinusuri din ang mga petisyon / apela na isinumite.

**General Affairs Committee**
Pagsusuri sa mga panukala kaugnay sa malawakang pagpaplano, pananalapi, komersiyo, industriya, turismo, mga pook sa baybayin, at iba pa



**Committee sa edukasyon**
Pagsusuri sa mga panukala kaugnay sa pagtaguyod ng kultura, nursery schools, paaralan, edukasyon, at iba pa



**Committe sa kalusugan at kagalingan**
Pagsusuri sa mga panukala kaugnay sa kagalingan, pangangalagang medikal, kalusugan at kalinisan, mga ospital, departamento ng bombero, at iba pa



**Committee sa pagpapaunlad ng bayan**
Pagsusuri ng mga panukala kaugnay sa pagpaplano ng siyudad, pabahay, kalsada, parke, ilog, at iba pa



**Committe ng kapaligiran**
Pagsusuri ng mga panukala kaugnay sa kapaligiran, mga daungan, mga sistema ng tubig at dumi sa alkantarilya, mga bus sa munisipyo, at iba pa



**Steering committee ng konseho**
Itinatag ito upang siguruhin ang maayos na pagtakbo ng konseho at magkaroon ng diskusyon ukol sa iba't-ibang bagay kaugnay sa operasyon. Isinasagawa din ang koordinasyon para sa komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro.

**Espesyal na committee**
Ito ang committee na may limitadong tagal na itinatatag kung kinakailangan upang suriin ang partikular na problema o isyu. Bukod sa pagtatag para suriin ang pang-unang budget at mga pinansiyal na pahayag, itinatag din sa kasalukuyan ang espesyal na committee para suriin ang metropolitan tax at sistema ng pananalapi.

### Plenary session

**Ulat ng tagapangulo ng committee**
Magbibigay ng ulat sa mga bagay na pinag-usapan sa pagpupulong ng committee pati mga resulta.

**Pagsagawa ng debate**
Pagpapahayag ng opinyon sa pagsang-ayon o di pagsang-ayon ukol sa panukala, at iba pa

**Pagboto**
Ang konseho ng siyudad ay magpapasiya kung susuportahan o tututulan ang panukala

**Pangkalahatang katanungan**
Ang mga konsehal na nais gumawa nito ay maaaring magtanong tungkol sa patakaran ng siyudad

**Pagtatapos ng session**

# Awtoridad ng konseho ng siyudad

Ang konseho ng siyudad ay binibigyan ng malawak na kapangyarihan ng batas at mga ordinansa upang gumana nang sapat bilang isang organisasyon na kumakatawan sa mga mamamayan.

## Karapatang bumoto

Ang committee ay nagdedesisyon sa mga mahahalagang isyu tulad ng pagsasabatas, pagbabago, o pagtanggal ng mga ordinansa, pagpapasiya sa budget, sertipikasyon ng mga pinansiyal na pahayag, pagtatapos ng mga kontrata sa tiyak na halaga at pagkuha o pag-alis sa mahahalagang ari-ariran ng siyudad, at iba pa.

## Karapatan sa pagboto

Ihahalal ang tagapangulo, pangalawang tagapangulo ng konseho, miyembro ng committee na nangangasiwa sa eleksiyon, at iba pa.

## Karapatan sa pag-apruba

Kapag pinili o hinirang ng alkalde ang bise alkalde, superintendente ng edukasyon, miyembro ng Board of Education, miyembro ng audit committee, miyembro ng personnel committee, at iba pa, kinakailangan ang pahintulot ng konseho.

## Karapatan sa pag-inspeksiyon, karapatan sa paghiling ng audit

Maaaring suriin ang katayuan ng pagpapatupad ng mga gawain ng siyudad gamit ang mga dokumento, at iba pa, o humiling ng pagsisiyasat mula sa committee na gumagawa ng auditing.

## Karapatan sa pag-usisa o pag-imbestiga

Maaaring imbestigahan ang mga gawain ng siyudad, at humiling na magpakita, o gumawa ng testimonya, at pagsumite ng mga talaan mula sa mga kasangkot kung kinakailangan.

## Karapatang magsumite ng nakasulat na opinyon

Maaaring magsumite ng nakasulat na opinyon sa kaugnay na administratibong ahensiya ng gobyerno tulad ng National Diet at ang pambansa at prefectural na pamahalaan tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa interes ng siyudad.

## Pagboto ng "walang pagtiwala" (no confidence vote)

Kapag nagkaroon ng tunggali sa pagitan ng konseho at ng alkalde at hindi mahanapan ng resolusyon, ang huling desisyon ay maaaring gawin ng mga mamamayan mismo sa pamamagitan ng pagpasa ng "walang pagtiwala" na boto sa alkalde.


## Karapatan sa pagiging independente

Upang siguruhing may laya at awtonomiya ang konseho, ang karapatan ng konseho na gumawa ng sariling desisyon hinggil sa mga gawain nito ay ginagarantiyahan.

**Sa ganitong lawak ng mga karapatan, hinahangad na magkakaroon ng mas mabuting patakaran at pangangasiwa ng munisipalidad!**



## Paglalarawan ng puwesto sa loob ng konseho




## Tagapagpaliwanag ng council proceedings

Upang maipaliwanag ang mga isinumiteng panukala, dadalo sa magkabilang panig ng upuan ng tagapangulo ang alkalde, bise alkalde, superintendente ng edukasyon, tagapamahala ng operasyon o kalakal ng ospital, tagapamahala ng operasyon o kalakal ng Water / Sewage, bawat direktor ng kawanihan, direktor ng punong tangapan ng International Coastal Strategy, accounting manager, alkalde ng bawat distrito o ward, direktor ng Crisis Management, deputy director ng edukasyon, at bawat miyembro ng administrative committee (tagapangulo at mga kinatawan ng audit committee).

# Paano magawang dinggin ang boses ng publiko sa konseho?

## Direktang paghiling

Sa pagkuha ng tiyak na bilang ng lagda mula sa mga botante, ang sinuman sa publiko na may pagtutol sa anumang aspeto ng pagpapatupad o pamamahala ng siyudad, ay maaaring humiling ng pagsasabatas, rebisyon o pag-aalis ng mga ordinansa sa siyudad, pagtanggal sa mga miyembro ng konseho ng siyudad, pagbuwag sa konseho, pagtanggal sa mga pangunahing pampublikong lingkod tulad ng alkalde at bise alkalde, pag-audit sa mga gawaing administratibo, at iba pa.

## Petisyon / apela

Maaaring gawin ng publiko ang pagsumite sa mga kahilingan nang direkta sa konseho ng siyudad sa pamamagitan ng pagsulat. Kapag ang paghiling ay isinumite sa pagpapakilala ng isang konseho, ito ay tinatawag na petisyon, at kung hindi ay tinatawag ito na apela. Ang mga petisyon ay karaniwang sinusuri sa committe at plenary sessions ng konseho ng siyudad. Subalit, sa konseho ng siyudad ng Kawasaki, ang mga petisyon ay sinusuri din sa committee katulad ng pagsusuring ginagawa sa mga apela.

# Paano alamin ang mga gawain ng konseho ng siyudad?

## Obserbasyon

Bilang patakaran, ang plenary sessions ay bukas para sa publiko, at kahit sinuman ay maaaring dumalo para mag-obserba. Maaari din na dumalo para mag-obserba ang committee kapag may pahintulot.

## Palabas sa TV

Gumagawa at nagpapalabas ng mga programa tuwing bagong taon sa TV kung saan itinatampok ang mga diskusyon ng tagapangulo at pangalawang tagapangulo, na tumatalakay sa kanilang mga resolusyon o hangarin para sa bagong taon, pati mga roundtable discussions kung saan tinatalakay ng mga kinatawan mula sa bawat grupo ang kanilang mga pananaw at iba pa ukol sa panukalang budget para sa bagong taon.

## Newsletter ng konseho, “Gikai Kawasaki”

Apat na beses sa loob ng isang taon, inilalathala ng konseho ng siyudad ng Kawasaki ang Gikai Kawasaki newsletter, upang ipaalam sa mga mamamayan ang mga aktibidad ng konseho ng siyudad pati resulta ng mga deliberasyong ginawa. Isinasagawa ang pamamahagi at posting ng newsletter sa mga community associations at residents' associations sa siyudad ng Kawasaki at sa mga pampublikong pasilidad tulad ng mga tanggapan ng distrito o ward at mga estasyon ng tren. Nakalathala din ito sa website ng konseho ng siyudad.

## Search engine para sa talaan ng pagpupulong

Madaling hanapin ang nilalaman ng mga deliberasyon at pagsusuri sa plenary sessions at mga committee gamit ang mga keywords. Ang talaan ng mga pagpupulong ay maaari din tingnan sa mga tanggapan ng distrito o ward, mga aklatan, at iba pa.

Search engine para sa talaan ng pagpupulong

## Broadcast ng konseho

Sa website ng konseho ng siyudad, maaaring panoorin ang live / recorded broadcast ng pagpupulong na isinasagawa sa main conference room at committee room. Bukod pa rito, mapapanood din sa mga TV monitors ng bawat tanggapan ng distrito o ward ang live broadcast ng pagpupulong na isinasagawa sa main conference room.

Broadcast page ng konseho

## Website ng konseho ng siyudad, Facebook at X (dating Twitter)

- Nakalathala ang listahan ng mga miyembro ng konseho ng siyudad, schedule at resulta ng mga pagpupulong, mga inisyatibo ng konseho ng siyudad, at iba pa.
- Ipinagkakaloob din ang impormasyon tungkol sa konseho ng siyudad sa Facebook at X (dating Twitter).

**Website**
**https://www.city.kawasaki.jp/council/**
Konseho ng siyudad ng Kawasaki | Hanapin

Website ng konseho ng siyudad

Paglalathala ng Council Bureau, konseho ng siyudad ng Kawasaki sa Marso 2024